# Tinugunan ng Diyos ang Pananabik ng Tao

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr.JC Gallora,D.S.
Enero 7, 2023

Ang pagbisita ng mga Mago ang magiging pundasyon ng pagtuturo ngayon. Pagkatapos ng mga mapagpakumbabang pastol, ang sumunod na panauhin ng Batang si Hesus ay ang mga Mago o ang matatalinong lalaki (Mt 2:1-12). Matatalino sila dahil nabigyan nila ng kahulugan at nasundan ang bituin kung saan naroon si Hesus.Tulad ng paggabay ni Hesus sa araw-araw nating buhay, kailangan nating sumunod; huwag nating salungatin ang mga proseso at huwag umasa na ibibigay Niya ang lahat nating kagustuhan.

**1. Sino ang mga Mago?**

Ang 3 Mago ay sumisimbolo sa mga taong nasa labas ng kultura ng mga Hudyo. Sinabi ni San Pablo na sa pagdating ni Hesus, nawala na ang mga Hudyo o iba pa, wala ng amo at alipin; lahat ay nagkakaisa. Iisang katawan na lamang at si Hesus ang ulo. Ang presensya ng Diyos sa kanila ang nagbigay ng inspirasyon upang maghandog ng mga makahulugang regalo:

1.1. Ginto ang simbolo ng pagkahari. Si Hesus ang Hari ng mga hari.

1.2. Kamangyang ang simbolo ng mga pari, at ito ay ginagamit sa panalangin at sa misa.

1.3. Mira ang simbolo ng mga propeta; mapait ang lasa, at mga propeta ang nangunguna sa pagkakaroon ng mapait na pamumuhay.

**2. Ang tunay na karunungan ay nagmumula lamang sa Diyos.** Ang karunungan ay hindi nakukuha sa mga pagsasanay dahil lilipas ang mga ito pagdating ng araw. Ang tunay na karunungan na mula sa Diyos ay laging sariwa, bago, makabuluhan, at kapaki-pakinabang.

2.1. Ang Diyos ay makapangyarihan at walang hanggan ang Kanyang pagmamahal at katarungan para sa ating lahat.

2.2. Iginagalang Niya ang proseso. Ayaw Niya tayong mag "*short-cut*" sa ating buhay. Kahit mabigat o mahirap ng proseso, at hindi natin naunawaan, kailangan isuko ang lahat sa Kanya.

2.3. Maraming pagkakataong umasta tayong Diyos. Tinatanong natin ang Diyos bakit hindi Niya sinagot ang ating mga panalangin. Dapat maliwanag na ang Diyos ay Diyos. Pinapayagan Niya ang mga masasamang pangyayari sa ating buhay para makita natin ang dahilan - turuan tayo, at hubugin ayon sa Kanyang kagustuhan.

**3. Sino ang nagtiwala sa proseso?**

3.1. Si Maria ay naghirap mula umpisa ngunit nagtiwala siya sa Diyos at sumunod sa proseso.

3.2. Si Hesus ay sumunod din sa proseso ng pagtubos sa sangkatauhan ayon sa plano ng Kanyang Ama. Nakaranas Siya ng sobrang pagkabalisa ngunit, ipinahayahg niya "Hindi ang kalooban Ko, kundi ang kalooban Ninyo ang mangyayari (Mateo 26:36-42).

**4. Ano ang ipinag-uutos ng Diyos upang ang Kanyang karunungan ay mapasaatin?**

4.1. **Kagustuhang magkaroon ng karunungan.** Tulad ni Haring Solomon na nanalangin upang magkaroon ng karunungan. Dahil nalugod ang Diyos sa kanya, binigyan siya ng yaman at kasikatan maski di niya ito hiniling.

4.2. **Katapatan at paglilingkod**. Maski hindi orihinal na alagad si San Pablo, hindi naging hadlang ito. Mas marami siyang nagawa sa Bibliya.

4.3. **Pagnanais ng pagkakaisa**. Tayo ay iisang katawan, iisang espiritu, iisang pananalig na bigay ni Hesus. Lingapin nating parang kapatid ang mga tinalikuran na ng lipunan.

**5. Ang pananabik na makasama ng walang hanggan ang Diyos.** Ito ay nagpapakita sa ibat'-ibang mukha ng pananabik-matanggap, makasama, magtagumpay, atbp.

**Konklusyon:** Makinig tayong mabuti sa Diyos sa bawat desisyong gagawin. Sa pagsisimula ng taon, ituloy natin ang pag-aayos ng ating buhay. May inilaan ang Diyos para sa atin. Igalang natin ang proseso hanggang maihayag ang katotohanan para malasap natin ang biyaya.

**Pagninilay**: Sa bawat desisyon, tanungin ang sarili:

1. Ano ang gagawin ko para matuwa ang Diyos?
2.Magdudulot ba ito ng kabutihan at maipapalaganap ba ang Kanyang kaharian?
3. Saan pupunta ang aking kaluluwa sa desisyon kong ito?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Pagsunod # Pag-unawa